

Ahensya ng Kalusugan at Serbisyon Pantao ng California Gabay sa Inireresetang Gamot

Kung paubos na ang iyong mga inireresetang gamot, kumuha ng mga refill bago mamatay ang kuryente para sa pampublikong kaligtasan, kung posible. Magandang pagkakataon din ito para magpabakuna laban sa trangkaso sa iyong parmasya.

Kung hindi mo nadala ang iyong mga gamot sa paglikas, matutulungan ka ng isang parmasya na makuha ang iyong gamot. Makakatulong sa pharmacist kung ibibigay mo ang listahan ng iyong gamit para matiyak na nasa iyo ang lahat ng gamot mo.

Para makahanap ng bukas na parmasya sa panahon ng emergency, bisitahin ang www.RxOpen.org, na may mga mapa na naglalaman ng mga bukas at saradong parmasya. Bukod pa sa mga lokasyon ng mga shelter ng American Red Cross at infusion center.

MGA PANGKALAHATANG TIP

Magpanatili ng listahan ng mga gamot. Tiyaking kasama sa iyong Personal na Plano para sa Emergency ang isang listahan ng lahat ng iyong gamot, pati na ang mga inireseta sa iyo. Ilista ang pangalan ng gamot, dosis, at dalas. I-download ang Personal na Plano para sa Emergency [dito](#).

Dalhin ang mga gamot mo. Kung kailangan mong lumikas, dalhin ang lahat ng gamot mo. At para maiwasang magkahalo-halo, panatilihin ang mga gamot sa mga orihinal na lalagyan na may orihinal na mga label. Iilagay ang mga lalagyan sa isang zip-close bag (o mga bag) para maiwasang mabasa ng tubig habang dala-dala mo.

Ingatan nang husto ang storage. Panatilihin ang mga gamot mo sa isang tuyo at ligtas na lugar sa panahon ng paglikas at kung mananatili ka sa isang shelter. Kung may gamot kang kailangang ilagay sa refrigerator at wala kang kuryente, panatilihin itong malamig gamit ang mga ice pack sa isang cooler kung posible. Kung hindi mo ito mapanatiling malamig, mas maganda pa ring dala-dala mo ang gamot hanggang sa maayos mo itong maitabi o mapalitan.

Itapon ang mga nasirang gamot. Itapon ang anumang nasirang gamot o tabletas na nabasa, o may kakaibang hitsura o amoy, dahil baka kontaminado na ang mga ito ng tubig-baha, at mapanganib nang inumin.

URI NG INSURANCE

Mga Benepisyaryo ng Medicare: Ang lahat ng benepisyaryo ng Medicare Prescription Drug Plan ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang plan para mahanap ang pinakamalapit na parmasya ng network na bukas. Kung walang available, puwedeng ikonekta ng plan ang mga lumikas sa isang parmasya na wala sa network. Para mahanap ang numero ng telepono ng isang plan, tumawag sa 1-800-MEDICARE.

Mga Benepisyaryo ng Medicaid: Ang lahat ng benepisyaryo ng Medicaid, o Medi-Cal sa California, ay may emergency na access sa loob ng hindi bababa sa 72 oras ng mga supply ng inireresetang gamot nang hindi nangangailangan ng paunang pahintulot. Kung sarado ang parmasya kung saan mo karaniwang kinukuha ang reseta mo, pakitawagan ang Member Service number sa likod ng Health Plan Card mo. Puwede mo ring ma-access ang Member Service Line para sa iyong Plan, [dito](#).

Mga Benepisyaryo ng Pribadong Insurance: Sa California, kinakailangang tiyakin ng lahat ng health insurance plan na may naaangkop na access ang mga enrollee sa mga resetang gamot sa panahon ng emergency. Kasama rito ang pagsuspindi sa mga limitasyon sa pag-refill ng reseta at pagpapahintulot sa mga naapektuhang benepisyaryo na mag-refill ng kanilang mga reseta sa mga parmasya na wala sa network.

IBA PANG TULONG

Kung may problema ka sa pagkuha ng mga serbisyo o tulong mula sa iyong health plan, Medicare, Medicaid/Medi-Cal, o Pribadong Insurance, puwede ka ring makipag-ugnayan sa Help Center ng Department of Managed Health Care sa 1-888-466-2219, o sa www.HealthHelp.ca.gov.